TOMO 10 BILANG 1 | ISSN NO. 2599-5405 | ENERO 2023

# SULONG

ANG PAHAYAGANG PANGKAUNLARAN NG CARD MRI

# Pagkilala sa Mga Likha ni Inay, muling nagbalik ngayong 2022

*ni Josephine Ramos*




*Ginawaran ng CARD MRI ang itinanghal na Grand Winner ng Pagkilala sa Mga Likha ni Inay (PsMLNI). Mula kaliwa pakanan: CARD RBI Executive Vice President Juliana B. De Leon, CARD RBI Assistant Vice President Ma. Adoracion M. Ola, CARD MRI Founder and Chairman Emeritus Dr. Jaime Aristotle B. Alip, PsMLNI 2022 Grand Winner Catherine Mae Rancap Magwili, at Managing Director Aristeo A. Dequito*

**Matapos ang dalawang taong pagkatigil dulot ng COVID-19 *pandemic*, muling idinaos ang Pagkilala sa Mga Likha ni Inay (PsMLNI). Naganap ito sa Maharlika Square Events Place sa San Pablo City, Laguna noong Disyembre 7, 2022.**

Ani CARD MRI Managing Director Aristeo A. Dequito, "Ang pagdiriwang na ito ay pagpapahayag ng aming paghanga, pagpupugay, at pasasalamat sa mga kliyente ng CARD MRI dahil kayo ang nagpapatibay ng pundasyon ng CARD MRI."

Ang parangal na ito ay sinimulan upang bigyan ng pagkilala ang husay at talento sa pagnenegosyo ng mga kliyente ng CARD MRI. Si Catherine Mae Rancap Magwili, 35, mula sa Tanay, Rizal, may-ari ng Cafe Katerina at kliyente ng CARD MRI RIZAL BANK, INC. (CARD RBI) sa loob ng pitong taon, ang itinanghal na Gawad Maunlad National Winner ng Pagkilala sa mga Likha ni Inay 2022 mula sa 21 mga nominado.

2

## BAGONG ULAT

### CARD, INC. IPINAGDIWANG ANG IKA-36 NA ANIBERSARYO NITO

*ni Edrian Banania*

Noong Disyembre 10, 2022, ipinagdiwang ng CARD, Inc. (A Microfinance NGO) ang ika-36 na taon nito ng paglilingkod sa mga Pilipino sa pamamagitan ng pahahatid ng serbisyong pampinansyal at programang pangkaunlaran.

3

### CARD MRI, PINALAKAS ANG SINING NA 'BALAGTASAN' SA MGA EMPLEYADO

*ni Edrian Banania*

Naglunsad ang CARD MRI ng isang timpalak

2



*In our own little ways, we can help provide access to opportunities and resources for people who are financially and socially excluded. We can lead our children on the path to financial and social responsibility by giving them options on what to do with the cash gifts they received last Christmas.*

***To read more about the op-ed of Dr. Alip, scan this QR code***

Dr. Jaime Aristotle B. Alip
CARD MRI Founder and Chairman Emeritus

Basahin ang isyung ito upang manalo ng **₱50.00** load via konek2CARD!

**Kailan at saan ginanap ang Balagtasan ng CARD MRI?**

Ikomento ang inyong kasagutan sa aming KOAderno post sa aming official facebook page @PublishingHouseInc.



# Pagkilala sa Mga Likha...

1

Ginawaran din ng parangal ang mga nagwagi ng Gawad Maunlad sa bawat *financial institution* ng CARD MRI— sina Annie Gamboa Aranez mula sa CARD, Inc. (A Microfinance NGO), Rosalyn T. Cortez mula sa CARD Bank, Inc., at Yollie Macasadia Perez mula sa CARD SME Bank, Inc.

"Huwag kang matakot na magsimula ng negosyo. Magtiwala sa iyong kakayahan at karanasan. Higit sa lahat, ipaubaya mo sa Diyos ang lahat ng iyong alalahanin," saad ni Magwili habang inaalala ang mga pinagdaanan niya para maabot ang anumang mayroon siya ngayon.

Ang pagkilala ay dinaluhan nina CARD MRI Founder and Chairman Emeritus Dr. Jaime Aristotle Alip, CARD MRI Managing Director Aristeo Dequito, CARD MRI Senior Advisers, *executive committee members, staff,* at mga kliyente mula sa iba't ibang institusyon ng CARD MRI.

Sa gabi ng parangal ay binigyang-diin ni Dr. Alip ang kahalagahan ng *women empowerment* at kung paano nag-aambag ang mga kababaihan sa pagpapalakas ng ating ekonomiya.

"Kayo ang simbolo ng lakas para sa lahat ng kababaihan at pati na rin ng ating ekonomiya. Sa kabila ng maraming hamon na inyong hinarap, partikular sa panahon ng pandemya at sa patuloy na krisis sa ekonomiya, nanatili kayong matatag at puno ng pag-asa.

Kinilala rin ni Dr. Alip ang mga babaeng negosyante bilang mga bayani ng Pilipinas.

Sa tulong ng mga kliyente, ang CARD MRI ay patuloy na maglilingkod sa mga tao at magpapatuloy sa pag-abot ng layunin na wakasan ang kahirapan.

# CARD MRI, PINALAKAS ANG...

1

sa Balagtasan para sa mga kawani nito noong Agosto 2022, kasabay ng pagdiriwang ng Buwan ng Wika. Matapos ang ilang serye ng iskrining, 11 grupo mula sa iba't ibang kategorya ang naglaban-laban sa huling bahagi ng kompetisyon na ginanap noong Disyembre 7-8, 2022. Kinagabihan ng huling araw ng kompetisyon ay hinirang na ang mga kampyeon ng Balagtasan sa Maharlika Square Events Place sa San Pablo City, Laguna.

"Sa alinmang bansa na naghahangad ng kaunlaran, ang tunay na pagkaunawa sa ating pagkakakilanlan sa ating sarili at sa ating bayan ay napakahalaga. Ang mga programang tulad nitong Balagtasan ay nagbibigay-daan sa atin na manatiling konektado sa ating pinagmulan bilang mga Pilipino. Tulad ng ipinapaalala sa atin ng ating Pambansang Bayani sa kanyang pinakatanyag na sinabi, dapat lagi tayong lumingon sa ating pinanggalingan," paliwanag ni CARD MRI Founder at Chair Emeritus Dr. Jaime Aristotle B. Alip. Binanggit din niya na ang pakikipag-ugnayan sa mga kawani at opisyal ng CARD MRI sa naturang mga programa ay nagkakaroon din nang mas malalim na pagpapahalaga sa mga pangunahing ipinaglalaban ng CARD MRI at ang misyon nito na nation-building.

"Kami ay parating naghahangad sa CARD MRI na bumuo ng mga programang nagbibigay ng pagkakataon sa aming mga kawani at kliyente na lumago hindi lamang bilang propesyonal ngunit mabuksan ang kanilang walang katapusang potensyal bilang mga indibidwal. Nilalayon naming lumikha ng espasyo sa kanilang trabaho na mangangalaga sa kanilang iba't ibang talento at kasanayan. Ngayong 2023, inaabangan namin hindi lamang ang ikalawang yugto ng Balagtasan 2.0 kundi pati na rin ang iba pang mga programang bumubuo at humuhubog sa kapasidad ng aming mga kawani," pagtatapos ni CARD MRI Managing Director Aristeo Dequito.

Ang nasabing programa ay pinangasiwaan ng CARD MRI Hijos Tours, isang *heritage tour*



4

SULONG ANG PAHAYAGANG PANGKAUNLARAN NG CARD MRI
EDITORIAL BOARD
Dr. Jaime Aristotle B. Alip
Aristeo A. Dequito Marilyn M. Manila
Editorial Advisers
Dr. Edmund G. Centeno
Editor-in-Chief
Cyrene Grace DC. Lubigan
Managing Editor
Jeffrey C. Tandingan
Associate Editor
Albert A. Dayag
Ervin M. Calabia
Medel E. Valencia
Berwyn D. Buenaseda
Layout Artists
Edrian B. Banania
Harlene Joy F. Reyes
Josephine M. Ramos
Writers

# MULA SA TULONG-TULONG NA MGA KAMAY

***ni Josephine Ramos***



Si Marie Fe Lee mula sa La Union ay nagtapos ng human resource management (HRM). Siya ay nakapagtrabaho sa *front desk* kung saan nakilala niya ang kanyang asawang Koreano. Sa Pilipinas sila ikinasal ngunit kalaunan ay lumipat sa South Korea. Sa kasamaang palad, namatay ang kanyang asawa bago pa man sila makaabot ng kanilang unang anibersaryo. Dahil hindi pa siya lehitimong residente ng Korea noon, nagpasya siyang bumalik na lamang sa Pilipinas at dito na manirahan.

Isang taon matapos bumalik sa Pilipinas ay nagtayo siya ng gown at *catering services*. Pinili niya ang ganitong uri ng negosyo batay sa naging negosyo ng kanyang kaanak. Nagtayo rin siya ng sari-sari store sa harap ng kanyang bahay dahil napansin niyang malaki ang espasyo sa harap at maganda rin itong magamit upang pandagdag sa kanilang kita. Ang kanyang *gown* at *catering services* ay tumagal ng 11 taon, ngunit dahil sa *lockdown* noong 2020, hindi siya nakahanap ng mga potensyal na kustomer. Matapos mawalan ng kustomer ay tuluyan na nga siyang lumipat sa *handicraft*.

Nagsimula ito noong may isang nagtitinda ng *handicraft* ang nag-alok sa kanya ng mga produkto nito. Kumuha siya ng ilan at inihanay sa kanyang sari-sari store. Isang doktor ang unang nakapansin sa kanyang mga ibinebenta at ito na rin nga ang kanyang naging unang kustomer. Hinikayat siya ng doktor na ipagpatuloy ang pagbebenta ng mga *handicraft* na ito. Ang mga *coffee table, tray, fruit stand, serving tray, basket*, at iba pang gamit sa bahay ay kabilang sa mga produkto na kanyang ibinebenta. Ang ilan sa mga ito ay gawa sa purong baging, habang ang iba ay

4

## CARD, INC. IPINAGDIWANG ...

1

Ang pagkakatatag nito noong 1986 ni Dr. Jaime Aristotle B. Alip at iba pang *development practitioners* ang naging daan tungo sa paglago ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI), na binubuo ngayon ng 25 institusyon na naghahatid ng iba't ibang serbisyong pangkaunlaran tulad ng akses sa *microfinance, microinsurance*, pagbabangko, *information technology*, pagpapaunlad ng negosyo, edukasyon, *marketing*, pangkalusugan, turismo, paglalathala, at iba pa.

"Sa mga institusyon sa ilalim ng CARD MRI, tayo ang unang nakarating sa pinakamalalayong pook sa Pilipinas, kaya naman nakilala tayo bilang marino ng CARD MRI. Noon pa man ay naging tungkulin na nating ipakilala ang pagbibigay ng buong serbisyo patungo sa pag-unlad," ani CARD, Inc. Executive Director Vicente Briones, Jr.

Noong 2008, ginawaran ang CARD MRI ng Ramon Magsaysay Award for Public Service.

Kamakailan, ang CARD, Inc. ay pinangalanang isa sa mga Philippines' Best Employers 2023 ng Inquirer.net at Statista, sa ilalim ng mga kategorya ng *Economy, Politics*, at NGO. Ito ay nasa ika-42 pwesto sa pangkalahatan.

Pahayag pa ni Briones, "Sa aming hindi natitinag na pag-ibig sa aming misyon na puksain ang kahirapan sa bansa, ang CARD, Inc. ay nangangako na ipagpapatuloy ang pangako na palakasin at paigtingin ang *financial inclusivity* sa buong bansa, lalo na pagdating sa *digitalization* ng mga produkto at serbisyong para sa aming mga kliyente."


Sa kasalukuyan, ang CARD, Inc. ay mayroon ng mahigit sa 2.67 milyong kliyente na pinaglilingkuran kasama ang mahigit na 6,000 empleyado at 1,540 opisina sa buong bansa. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa CARD, Inc., bisitahin ang www.cardmri.com/cardinc o ang Facebook page nito sa www.fb.com/CARDIncOfficial.

## CARD MRI, PINALAKAS ANG...

2

*operator* ng CARD MRI group. Itinatag noong 2017, ang Hijos Tours ay nag-aalok ng parehong *in-person* at *virtual heritage tour* hindi lamang sa mga kliyente at kawani ng CARD MRI, kundi pati na rin sa publiko.

Para matuto pa tungkol sa Hijos Tours, bisitahin ang *Facebook page* nito: www.fb.com/HijosToursOfficial.







## MULA SA TULONG-TULONG NA...

3

kumbinasyon ng baging at kawayan.

Tulad ng mga hinahabing produkto na kanyang ibinebenta, may isang bagay na nagbubuklod sa kanyang negosyo. Kagaya ni Marie Fe, ang sampung pamilya na nagsusuplay sa kanya ng mga *handicraft* ay halos mga kliyente ng CARD Bank. Ang komento na narinig niya tungkol sa *microfinance-oriented rural bank* ang nag-udyok sa kanya na sumali rin dito. Ngayon, tatlong taon na siyang kliyente ng institusyon at masasabi niyang isa ito sa mga magagandang desisyon na kanyang nagawa.

Nagsimula siya sa PHP3,000 kapital hanggang sa lumago ang negosyo at ngayon nga ay dalawa na ang kanyang pwesto ng mga *handicraft*. Isinaalang-alang niya ang pagpapalawak ng kanyang tindahan upang bigyan ng mas maraming espasyo para sa pamimili ang kanyang mga kustomer. Bagama't mas mababa ang kita niya sa *handicrafts* kaysa sa *gowns* at *catering services*, masasabi niyang mas payapa ang isip niya rito sa kanyang bagong negosyo. Sa kasalukuyan, si Marie Fe lang ang namamahala sa kanyang negosyo subalit sinasanay na rin niya ang kanyang anak kung paano patakbuhin ang kanilang negosyo. Sa mga susunod na taon, layunin niyang mas paramihin pa ang mga tao na nakakakilala sa kanyang negosyo. Umaasa rin siyang magkaroon ng sariling pangalan sa larangan ng *handicraft*.

